# ALAMEDA ALLIANCE FOR HEALTH
# **ABISO NG MGA KASANAYAN SA PRIVACY**

KAPAG HINILING, MAKAKAKUHA AT MAGBIBIGAY SA IYO NG PAHAYAG NA NAGLALARAWAN SA MGA PATAKARAN AT PAMAMARAAN NG ALAMEDA ALLIANCE FOR HEALTH (ALLIANCE) PARA SA PAGPROTEKTA SA PAGIGING KUMPIDENSYAL NG MGA MEDIKAL NA TALAAN. INILALARAWAN NG ABISONG ITO KUNG PAANO PUWEDENG GAMITIN AT IHAYAG ANG MEDIKAL NA IMPORMASYON TUNGKOL SA IYO AT KUNG PAANO MO MAA-ACCESS ANG IMPORMASYONG ITO. PAKIBASA ITO NANG MABUTI.

Nangangako ang Alliance na panatilihing kumpidensyal ang iyong impormasyon. Sa ilalim ng batas, dapat naming panatilihing pribado ang iyong impormasyon. Sa ilalim ng batas, dapat ka naming bigyan ng abiso tungkol sa aming mga legal na tungkulin at kasanayan sa privacy kaugnay ng iyong impormasyon. Ipapaalam sa iyo ng abisong ito kung paano namin puwedeng gamitin at ibahagi ang iyong impormasyon. Sinasabi rin nito sa iyo ang iyong mga karapatan at ang aming mga legal na obligasyon kaugnay ng impormasyon mo.

Kung mayroon kang anumang tanong tungkol sa abisong ito, makipag-ugnayan sa amin sa:

Alameda Alliance for Health
Attn: Member Services Department
1240 South Loop Road
Alameda, CA 94502
Numero ng Telepono: **1.510.747.4567**
Walang Bayad: **1.877.932.2738**
Mga taong may mga problema sa pandinig at pagsasalita (CRS/TTY): **711/1.800.735.2929**

## A. MGA URI NG IMPORMASYONG PINAPANATILI NAMIN

Makakatanggap ang Alliance ng impormasyon tungkol sa iyo kapag pinili mo ang Alliance bilang iyong planong pangkalusugan. Makukuha namin ang impormasyon mo mula sa Estado ng California, iyong doktor/iba pang provider ng pangangalagang pangkalusugan, at sa iyo.

Nag-iiba ang impormasyong kinokolekta ng Alliance depende sa programa. Pinapanatili namin ang sumusunod na impormasyon: iyong impormasyon sa pakikipag-ugnayan, gaya ng iyong address at numero ng telepono; iyong edad, etnisidad, kasarian, at wika. Kinokolekta at pinapanatili namin ang iyong impormasyon sa pangangalagang pangkalusugan, na tinatawag na Pinoprotektahang Impormasyon sa Kalusugan o PHI. Kasama rito ang doktor na tumitingin sa iyo at ang mga nalalaman niya tungkol sa kalusugan mo, iyong mga kundisyon sa pangangalagang pangkalusugan at diagnosis, kasaysayan ng iyong kalusugan, iyong mga reseta, at pagsusuri sa laboratoryo. Kinokolekta at pinapanatili namin ang impormasyon tungkol sa mga klase sa kalusugan at wellness na sinalihan mo, at kung nakibahagi ka ba sa iba pang programa o plano sa pangangalagang pangkalusugan. Kinokolekta at pinapanatili rin namin ang mga pinansyal na talaang ipinepresenta mo kapag nag-a-apply ka para sa saklaw. Nakakatulong ang impormasyong ito sa amin na maibigay sa iyo ang mga serbisyong kailangan mo.

Pakitandaang poprotektahan ng Alliance ang iyong privacy at impormasyon. Puwedeng pasalita, nakasulat, at/o electronic ang impormasyong ito. Ang isang halimbawa ng paraan ng pagprotekta namin sa iyong impormasyon ay ang pag-aatas ng Alliance na magsanay ang mga staff sa mga paraan ng kung paano mapapanatiling pribado at secure ang iyong impormasyon sa kalusugan. Ibig sabihin, pinapahintulutan lang ang mga tauhan ng Alliance na i-access ang iyong impormasyon kung kinakailangan lang para magawa nila ang kanilang trabaho.

## B. PAANO NAMIN PUWEDENG GAMITIN O IBAHAGI ANG IYONG IMPORMASYON

1. Paggamot – Puwede naming gamitin o ibahagi ang iyong impormasyon para matulungan ang iyong mga doktor o ospital na bigyan ka ng pangangalagang pangkalusugan. Halimbawa, kung nasa ospital ka, puwede naming ibigay sa kanila ang iyong mga talaan ng kalusugan na ipinadala sa amin ng iyong doktor. O kaya, puwede naming ibahagi ang impormasyong ito sa isang pharmacist na nangangailangan nito para sa isang reseta o sa isang laboratoryong nagsasagawa ng pagsusuri para sa iyo.
2. Pagbabayad – Puwede naming gamitin o ibahagi ang iyong impormasyon para mabayaran ang iyong mga bill na nauugnay sa pangangalagang pangkalusugan. Halimbawa, ibibigay sa amin ng iyong doktor ang impormasyong kailangan namin bago namin siya bayaran. Puwede rin kaming magbahagi ng impormasyon sa iba pang provider ng pangangalagang pangkalusugan nang sa gayon ay mabayaran sila.
3. Mga operasyon sa pangangalagang pangkalusugan – Puwede naming gamitin o ibahagi ang iyong impormasyon para mapatakbo ang planong pangkalusugan na ito.
    - Halimbawa, puwede naming gamitin o ibahagi ang iyong impormasyon para masuri at mapahusay ang kalidad ng serbisyong natatanggap mo. Puwede rin itong gamitin para masuri ang mga kakayahan at kwalipikasyon ng aming mga provider.
    - Puwede rin naming gamitin o ibahagi ang impormasyong ito para makapag-apruba kami ng mga serbisyo at referral.
    - Puwede rin naming gamitin o ibahagi ang impormasyong ito kapag kailangan namin para sa mga medikal na pagsusuri o pamamahala ng kaso. Halimbawa, puwede ka naming i-refer sa isang klase sa hika kung may hika ka.
    - Puwede rin naming gamitin o ibahagi ang impormasyong ito kapag kailangan namin para sa mga legal na serbisyo, pag-audit, at pagpaplano at pamamahala ng negosyo.
    - Puwede rin naming ibahagi ang iyong impormasyon sa aming “mga associate sa negosyo” na nagbibigay ng ilang partikular na serbisyo ng plano para sa amin. Hindi namin ibabahagi ang iyong impormasyon sa mga panlabas na grupo na ito maliban na lang kung sasang-ayon silang poprotektahan nila ito. Sa ilalim ng batas ng California, hindi puwedeng ibahagi ng lahat ng partidong nakakatanggap ng impormasyon ang naturang impormasyon, maliban na lang kung partikular na kinakailangan o pinapayagan ng batas.
4. Mga paalala sa appointment – Puwede naming gamitin o ibahagi ang iyong impormasyon para ipaalala sa iyo ang tungkol sa mga pagpapatingin sa doktor o para sa pangangalagang pangkalusugan. Kung wala ka sa bahay, puwede naming iwan ang impormasyong ito sa iyong answering machine o puwede kaming mag-iwan ng mensahe sa taong sasagot ng telepono.

5. Pag-abiso at pakikipag-ugnayan sa pamilya – Puwede naming ibahagi ang iyong impormasyon para malaman ng isang kapamilya, iyong personal na kinatawan, o ng taong responsable para sa iyong pangangalaga ang iyong lokasyon, pangkalahatang kundisyon, o pagkamatay. Kung sakaling may sakuna, puwede kaming magbahagi ng impormasyon sa isang grupo gaya ng Red Cross para puwede silang makipag-ugnayan sa iyo. Puwede rin kaming magbahagi ng impormasyon sa sinumang tumutulong sa iyong pangangalaga o tumutulong sa pagbabayad ng iyong pangangalaga. Kung may kakayahan kang magpasya, hahayaan ka naming magpasya bago namin ibahagi ang nasabing impormasyon. Puwede naming ibahagi ang impormasyong ito kapag may sakuna kahit ayaw mong gawin namin iyon, nang sa gayon ay matugunan namin ang emergency. Kung wala kang kakayahang magpasya dahil sa iyong kalusugan o kung hindi ka mahanap, gagamitin ng aming mga propesyonal na tauhan ang kanilang pinakamahusay na pagpapasya sa pagbabahagi ng impormasyon sa iyong pamilya at sa iba pang tao.
6. Iniaatas ng batas – Alinsunod sa iniaatas ng batas, gagamitin o ibabahagi namin ang iyong impormasyon, pero lilimitahan namin ang aming paggamit o pagbabahagi sa kung ano lang ang puwede naming gamitin o ibahagi sa ilalim ng batas.
7. Peer review sa provider – Puwede naming gamitin o ibahagi ang iyong impormasyon para masuri ang mga kakayahan ng iyong provider o ang kalidad ng pangangalagang natatanggap mo.
8. Mga panggrupong planong pangkalusugan – Kung isa kang miyembro ng panggrupong planong pangkalusugan, puwede kaming magbahagi ng impormasyon sa sponsor ng iyong panggrupong planong pangkalusugan. Halimbawa, kung binibigyan ka ng employer mo ng saklaw sa kalusugan, puwede namin sa kanyang ipaalam kung miyembro ka pa rin ng plano.
9. Pananaliksik – Puwede naming ibahagi ang iyong impormasyon nang walang nakasulat na pahintulot mo kung matutugunan ng pananaliksik ang ilang partikular na panuntunan.
10. Marketing – Puwede kaming makipag-ugnayan sa iyo para bigyan ka ng impormasyon tungkol sa mga produkto o serbisyo. Hindi namin gagamitin o ibabahagi ang iyong impormasyon para sa layuning ito nang walang nakasulat na pahintulot mo.
11. Mga panghukuman at pang-administratibong paglilitis – Magagawa namin, at kung minsan ay kailangan namin alinsunod sa batas, na ibahagi ang iyong impormasyon para sa isang pang-administratibo o panghukumang paglilitis sa ilalim ng isang panghukuman o pang-administratibong kautusan kung ipinaalam sa iyo ang kahilingan at hindi ka tumutol o hindi sumang-ayon ang panghukuman o pang-administratibong hukom sa pagtutol mo.
12. Mga aktibidad sa pagsubaybay ng kalusugan – Magagawa namin, at kung minsan ay kailangan namin alinsunod sa batas, na ibahagi ang iyong impormasyon sa mga ahensya para sa pagsubaybay ng kalusugan para sa mga pag-audit, imbestigasyon, inspeksyon, paglilisensya, at iba pang paglilitis, kung pinapayagan lang ito ng batas ng pederal at California.
13. Kalusugan ng publiko – Magagawa namin, at kung minsan ay kailangan namin alinsunod sa batas, na ibahagi ang iyong impormasyon sa mga ahensya ng kalusugan ng publiko para magawa nilang: pigilan o kontrolin ang sakit, pinsala, o kapansanan; mag-ulat ng pang-aabuso o kapabayaan sa bata, nakatatanda, o dependent na nasa hustong gulang; mag-ulat ng karahasan sa tahanan; mag-ulat ng mga problema sa Pangasiwaan ng Pagkain at Gamot (Food and Drug Administration, FDA) tungkol sa mga produkto at reaksyon sa mga gamot; at mag-ulat ng pagkakalantad sa sakit o impeksyon.

14. Pagpapatupad ng batas – Puwede naming ibahagi ang iyong impormasyon sa isang opisyal sa pagpapatupad ng batas. Ito ay para: matukoy o mahanap ang isang suspek, pugante, mahalagang saksi o nawawalang indibidwal; masunod ang isang kautusan ng hukuman, warrant, o subpoena ng grand jury; at iba pang layunin sa pagpapatupad ng batas.
15. Pampublikong kaligtasan – Puwede naming ibahagi ang iyong impormasyon sa mga taong tumutulong sa pagpigil o pagbabawas ng matindi at nakaambang banta sa kalusugan o kaligtasan ng isang tao o publiko.
16. Mga espesyal na function ng pamahalaan – Puwede naming ibahagi ang iyong impormasyon para sa mga layunin sa militar at pambansang seguridad, hanggang sa sukdulang pinapahintulutan ng batas. Puwede rin namin itong ibahagi sa mga koreksyonal na institusyon o tagapagpatupad ng batas na may legal na kustodiya sa iyo.
17. Mga Insurer – Puwede naming gamitin o ibahagi ang iyong impormasyon sa mga insurer sa pagsusuri ng aplikasyon para sa planong pangkalusugan.
18. Mga Employer – Puwede naming gamitin o ibahagi ang iyong impormasyon sa employer mo para matuto tungkol sa isang karamdaman o pinsalang natamo sa trabaho, o para sa medikal na surveillance sa lugar ng trabaho, hanggang sa sukdulan ng pagpapahintulot mo sa paggamit na iyon. Puwede naming gamitin o ibahagi ang iyong impormasyon sa employer mo kung papahintulutan mo at/o pinapahintulutan ng batas kapag may claim o kaso ang isang empleyado tungkol sa isang medikal na kundisyon, o kung tungkol ang impormasyon sa paggawa ng isang partikular na trabaho.
19. Iba pang paraan ng kung paano puwedeng gamitin o ibahagi ng Alliance ang iyong impormasyon:

    - Magagawa namin, kung kinakailangan sa ilalim ng batas, na ibahagi ang iyong impormasyon sa mga coroner kapag nag-iimbestiga sila ng mga pagkamatay.
    - Puwede kaming magbahagi ng impormasyon sa mga organisasyong nagbibigay ng mga serbisyo para sa mga organ at tissue transplant.
    - Puwede naming gamitin o ibahagi ang iyong impormasyon sa FDA kapag tungkol ito sa kalidad, kaligtasan, o bisa ng isang produkto o aktibidad na nauugnay sa FDA.
    - Puwede naming gamitin o ibahagi ang iyong impormasyon sa Mga Conservator/Tagapangalaga sa ilang partikular na sitwasyon.
    - Puwede naming ibahagi ang iyong impormasyon kung kinakailangan namin para sa bayad-pinsala sa manggagawa.
    - Kung ibebenta o ime-merge ang Alliance sa ibang organisasyon, ang iyong impormasyon/talaan ay magiging pag-aari ng bagong may-ari, pero magagawa mong lumipat at magpatala sa ibang planong pangkalusugan.
    - Puwede naming gamitin o ibahagi ang iyong impormasyon para maprotektahan ito kapag ipinadala namin ito sa pamamagitan ng internet.

20. Panuntunan sa Interoperability – Puwede naming ibigay ang ilang partikular na impormasyon sa iyo sa pamamagitan ng isang third-party application gaya ng pinapayagan ng Mga Panuntunan sa Interoperability. Inaatasan ng Mga Panuntunan sa Interoperability ang mga planong pangkalusugan gaya ng Alliance na ibigay ang ilang partikular na impormasyon sa kalusugan sa pamamagitan ng mapipili mong third-party application.

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa pagpili ng third-party application, pakitingnan ang "Dokumento ng Privacy ng Miyembro" sa aming website. Ang Alliance ay walang magiging pananagutan sa mga third-party application at sa iyong impormasyon sa oras na mailipat ito sa third-party application ayon sa kahilingan mo.

21. Palitan ng Impormasyon sa Kalusugan (Health Information Exchange, HIE) – Nakikibahagi ang Alliance sa maraming HIE, kung saan nagagawa ng mga provider na magsaayos ng pangangalaga at magbigay ng mas mabilis na access sa aming mga miyembro. Tumutulong ang mga HIE sa mga provider at opisyal para sa kalusugan ng publiko na gumawa ng mga mas may-kabatirang pasya, umiwas sa duplicate na pangangalaga (gaya ng mga pagsusuri), at bawasan ang posibilidad ng mga medikal na pagkakamali. Sa paglahok sa isang HIE, puwedeng ibahagi ng Alliance ang iyong impormasyon sa kalusugan sa iba pang provider at kalahok kung pinapahintulutan ng batas. Kung ayaw mong ibahagi ang iyong medikal na impormasyon sa HIE, dapat mo itong direktang hilingin sa Alliance.

    (**TANDAAN**: Sa ilang sitwasyon, puwedeng hindi ihayag ang iyong impormasyon sa kalusugan. Halimbawa, ang diagnosis at paggamot ng kalusugan ng pag-iisip, diagnosis o paggamot para sa paggamit ng droga o labis na pag-inom ng alak, o ang isang STD, kalusugan ng reproductive system, pagkontrol ng pagbubuntis, o resulta ng pagsusuri para sa HIV ay itinuturing na "Mga Protektadong Talaan" at posibleng mangailangan ng direktang pahintulot mo para maibahagi.)
22. Framework ng Palitan ng Data (Data Exchange Framework, DxF) – Inaatasan ng seksyon 130290 ng Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan ng California ang Alliance na lumahok sa DxF. Ang layunin ng DxF ng Mga Serbisyong Pangkalusugan at Pantao ng California (California's Health and Human Services, CalHHS), na isang pambuong-estadong kasunduan sa pagbabahagi ng data, ay pabilisin at palawakin ang palitan ng impormasyon sa kalusugan sa pagitan ng mga entity ng pangangalagang pangkalusugan, ahensya ng pamahalaan, at programa sa serbisyong panlipunan.

    Para matuto pa tungkol sa DxF, bisitahin ang **www.cdii.ca.gov/committees-and-advisory-groups/data-exchange-framework**.

## C. KAILAN NAMIN HINDI PUWEDENG GAMITIN O IBAHAGI ANG IYONG IMPORMASYON

Maliban kung inilalarawan sa Abiso ng Mga Kasanayan sa Privacy na ito, hindi namin gagamitin o ibabahagi ang iyong impormasyon nang walang nakasulat na pahintulot mo. Kung papahintulutan mo ang Alliance na gamitin o ibahagi ang iyong impormasyon para sa iba pang layunin, puwede mong bawiin ang pahintulot mo sa pamamagitan ng pagsulat anumang oras, maliban na lang kung nagamit na namin ang iyong nakasulat na pahintulot para sa paggamit o pagbabahagi ng iyong impormasyon.

## D. PUWEDENG MAKIPAG-UGNAYAN ANG ALLIANCE SA IYO

Puwede kaming makipag-ugnayan sa iyo para bigyan ka ng impormasyon, mga resource gaya ng mga aklat o DVD, mga produkto o serbisyong nauugnay sa kaalaman sa kalusugan, paggamot, at/o iba pang benepisyo at serbisyong nauugnay sa kalusugan.

## E. ANG IYONG MGA KARAPATAN SA PRIVACY

1. Karapatang humiling ng mga espesyal na proteksyon sa privacy – Mayroon kang karapatang humiling ng mga limitasyon sa ilang partikular na paggamit at pagbabahagi ng iyong impormasyon. Puwede mo itong gawin sa pamamagitan ng nakasulat na kahilingang nagpapabatid sa amin ng impormasyong gusto mong limitahan, at ng mga paraan ng kung paano mo gustong limitahan ang paggamit o pagbabahagi namin sa impormasyong iyon. May karapatan kaming tanggapin o tanggihan ang iyong kahilingan at ipapaalam namin sa iyo ang aming pasya.
2. Karapatang humiling ng kumpidensyal na komunikasyon – Mayroon kang karapatang hilingin na matanggap ang iyong impormasyon sa isang partikular na paraan o sa isang partikular na lokasyon kung puwede kang mailagay sa panganib sa karaniwang paraan. Halimbawa, puwede mong hilinging ipadala namin ang impormasyon sa address ng iyong trabaho. Sumulat at sabihin sa amin kung paano mo gustong matanggap ang iyong impormasyon at kung bakit ka mailalagay sa panganib kung hindi namin pagbibigyan ang iyong kahilingan. Kung may bayad ang iyong kahilingan, ipapaalam namin ito sa iyo.
3. Karapatang makita at makopya – May karapatan kang makita at makopya ang iyong impormasyon, nang may mga limitadong eksepsyon. Para makita ang iyong impormasyon, kailangan mong magpadala ng nakasulat na kahilingan at sabihin sa amin ang impormasyong gusto mong makita. Ipaalam din sa amin kung gusto mo itong makita, makopya, o makakuha ng kopya nito. Pinapayagan kami ng batas ng California na maningil ng makatuwirang halaga sa pagkopya ng mga talaan. Puwede naming tanggihan ang iyong kahilingan sa ilang partikular na sitwasyon, gaya ng:
    a. Mga tala sa psychotherapy, na mga personal na tala ng isang provider ng pangangalaga sa kalusugan ng pag-iisip na nagdodokumento o sumusuri sa mga nilalaman ng isang session ng pagpapayo, na pinapanatili nang hiwalay sa iba pang medikal na talaan ng isang pasyente. Tingnan ang 45 Kodigo ng Mga Regulasyon ng Pederal (Code of Federal Regulations, CFR) 164.524(a)(1)(i) at 164.501.
    b. Impormasyong pinagsasama-sama bilang makatuwirang paghahanda ng o para sa paggamit sa isang pagkilos o paglilitis na sibil, pangkrimen, o pang-administratibo. Tingnan ang 45 CFR 164.524(a)(1)(ii).
4. Karapatang humiling ng impormasyon sa pamamagitan ng third-party application – Mayroon kang karapatang hilingin ang ilang impormasyon sa pamamagitan ng isang third-party application na mapipili mo, gaya ng pinapayagan ng "Mga Panuntunan sa Interoperability."
5. Karapatang magbago o magdagdag – May karapatan kang hilinging baguhin namin ang iyong impormasyon kung sa palagay mo ay mali o hindi ito kumpleto. Dapat mong hilingin sa amin, sa pamamagitan ng pagsulat, na baguhin ang iyong talaan. Sabihin sa amin kung bakit sa palagay mo ay mali ang nasabing impormasyon. Hindi namin kailangang baguhin ang iyong impormasyon, at kung tatanggihan namin ang iyong kahilingan, ipapaalam namin sa iyo kung bakit. Sasabihin din namin sa iyo kung paano mo magagawang hindi sang-ayunan ang aming pagtanggi. Puwede naming tanggihan ang iyong kahilingan kung wala sa amin ang nasabing impormasyon. Puwede rin naming tanggihan ang iyong kahilingan kung hindi kami ang gumawa sa impormasyon (maliban na lang kung hindi na available ang taong gumawa sa impormasyon para gumawa ng pagsusog). Puwede rin naming tanggihan ang iyong kahilingan kung hindi ka pinapahintulutang inspeksyunin o

kopyahin ang impormasyon, o kung tama at kumpleto ang impormasyon.

6. Karapatan sa accounting ng kung paano namin ibinahagi ang iyong impormasyon – May karapatan kang makatanggap ng listahan ng kung paano namin ibinahagi ang ilang partikular na impormasyon sa loob ng **anim (6) na taon** bago ang iyong kahilingan. Pakitandaang posibleng may bayad ito.
7. Karapatang makatanggap ng abiso ng paglabag sa privacy – Ipapaalam namin sa iyo kaagad kung may paglabag na posibleng nakakompromiso sa privacy o seguridad ng iyong PHI.
8. Karapatang makakuha ng aktwal na kopya ng Abiso ng Mga Kasanayan sa Privacy na ito – May karapatan kang makakuha ng aktwal na kopya ng Abiso ng Mga Kasanayan sa Privacy na ito.

Kung gusto mo ng higit pang impormasyon tungkol sa mga karapatang ito o kung gusto mong gamitin ang mga karapatang ito, tumawag sa:

Departamento ng Mga Serbisyo sa Miyembro ng Alliance
Numero ng Telepono: **1.510.747.4567**
Toll-Free: **1.877.932.2738**
Mga taong may mga problema sa pandinig at pagsasalita (CRS/TTY):
**711**/**1.800.735.2929**

## F. MGA PAGBABAGO SA ABISONG ITO NG MGA KASANAYAN SA PRIVACY

May karapatan kaming baguhin ang Abiso ng Mga Kasanayan sa Privacy na ito anumang oras sa hinaharap. Hangga't hindi pa nangyayari ang pagbabagong iyon, kailangan naming sundin ang abisong ito alinsunod sa batas. Pagkatapos ng isang pagbabago, ilalapat ang nabagong abiso sa lahat ng PHI na pinapanatili namin, kailan man ito ginawa o natanggap.

Ipapadala namin sa iyo ang abiso sa pamamagitan ng koreo sa loob ng **60 araw** pagkatapos ng anumang pangunahing pagbabago. Ilalagay rin namin ang pinakabagong abiso sa aming website sa **www.alamedaalliance.org**.

## G. MGA REKLAMO

Ipaalam sa amin kung mayroon kang anumang reklamo tungkol sa Abiso ng Mga Kasanayan sa Privacy na ito o sa kung paano pinapangasiwaan ng Alliance ang iyong impormasyon:

Alameda Alliance for Health
Attn: Grievance and Appeals Department
1240 South Loop Road
Alameda, CA 94502

Puwede mo ring ipaalam ang iyong reklamo sa Kalihim ng Departamento ng Mga Serbisyong Pangkalusugan at Pantao (Department of Health and Human Services, HHS) ng U.S. Hindi namin kailanman hihilinging hindi mo gamitin ang iyong mga karapatang maghain ng reklamo. Hindi ka paparusahan o paghihigantihan para sa paghahain ng reklamo.

Para magsumite ng reklamo, makipag-ugnayan sa:

Department of Health Human Services (HHS) Office of Civil Rights (OCR)
Attn: Regional Manager
90 7th Street, Suite 4-100
San Francisco, CA 94103
Telepono: **1.800.368.1019**
Fax: **1.202.619.3818**
Email: **ocrmail@hhs.gov**
Online: **https://ocrportal.hhs.gov/ocr/smartscreen/main.jsf**

Kung isa kang miyembro ng Alliance Medi-Cal, puwede mo ring abisuhan ang Tanggapan para sa Privacy ng Departamento ng Mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan (Department of Health Care Services, DHCS) ng California sa:

Department of Health Care Services Office of HIPAA Compliance
PO Box 997413, MS 4721
Sacramento, CA 95899-7413
Telepono: **1.866.866.0602**
Mga taong may problema sa pandinig at pagsasalita (TTY/TDD): **1.877.735.2929**

Puwede mo ring abisuhan ang Privacy Officer ng Alliance sa:

Alameda Alliance for Health
Attn: Compliance Department
1240 South Loop Road
Alameda, CA 94502
Telepono: **1.510.747.4500**
Mga taong may mga problema sa pandinig at pagsasalita (CRS/TTY): **711/1.800.735.2929**

KAPAG HINILING, MAKAKAKUHA AT MAGBIBIGAY NG PAHAYAG NA NAGLALARAWAN SA MGA PATAKARAN AT PAMAMARAAN NG ALLIANCE PARA SA PAGPROTEKTA SA PAGIGING KUMPIDENSYAL NG MGA MEDIKAL NA TALAAN.